COVID-19 Support Scheme para sa Employment/Self-Employment, Mga Madalas na Katanungan – Para sa mga NAGPAPATRABAHO

Ang dokumentong ito ay impormasyon lamang at hindi nagpapahiwatig na magbigay ng kabuuang tuntunin at kundisyon (terms and conditions) ng scheme na ito. Para dito, maaaring tumungo sa "Mga Tala ng Patnubay at Application Form para sa Mga Nagpapatrabaho (Employers)" o ang "Mga Tala ng Patnubay at Application Form para mga Sole Traders, mga Magkakasosyo, Casual Workers, at mga ibang Self-Employed" kung naaangkop.

Ano ang Support Scheme para sa Employment/Self-Employment

Ang Coronavirus (kilala sa tawag na COVID-19) (ang **Virus**) ay nagkaroon, at patuloy na nagkakaroon ng isang pangunahing masamang epekto sa pampublikong kalusugan sa buong mundo. Alinsunod sa maraming pamahalaan, ang Gobeyrno ng Falklang Islands (FIG) ay nagsasagawa ng iba't ibang hakbang upang maiwasan ang Virus na maganap sa Falkland Islands at upang mabawasan ang mga epekto nito sakaling mangyari ito. Kabilang dito ang mga kahilingingan ng pamahalaan sa may mga sintomas ng Virus na ihiwalay ang sarili o i-self-isolate ang sarili sa loob ng labingapat (14) na araw o higit pa sa isang maingat na batayan (o sa loob ng tatlong (3) buwan o higit pa kung saan ang isang tao ay kasama sa isa sa mga kategorya ng mga vulnerable na indibidwal), at mga taong nauugnay sa taong maaaring may sintomas na maghiwalay sa sarili hanggang labingapat (14) na araw, o sinumang kasama sa mga hindi mahahalagang manggagawa na manatili sa bahay ng hanggang labingapat (14) na araw.

Kinikilala ng FIG na ang pagsunod sa polisiya at ang pagpapatupad ng tagal ng self-isolation o paghihiwalay sa sarili ay maaaring makapekto sa mga nagpapatrabaho (employers) ng mga apektadong tao, ang kanilang patuloy na pagtatrabaho, at ang mga kabuhayan ng mga taong self-employed. Para maibsan ang epekto nito, lumikha ang FIG ng magagamit na suporta sa ilalim ng Support Scheme para sa Employment/Self-Employment.

Ano ang maaari kong asahan?

Kung ikaw ay karapat-dapat na employer at may mga empleyado na nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat o eligibility criteria, ikaw ay kinakailangan na mapgtuloy sa pagbabayad ng kanilang sahod o sweldo, at panatilihin ang iba nilang benepisyo bilang manggagawa, sa loob ng tagal ng self-isolation at sa rate na kahit katumbas ng suporta na matanggap mo sa ilalim ng Support Scheme para sa Employment/Self-Employment.

Kung ang mga empleyado mo ay may kakayahan (pisikal at sa kadahilanan ng pagkakaroon ng angkop na kagamitan at iba pang mga mapagkukunan o other resources) na magtrabaho at maglabas ng malaking bahagi ng kanilang mga tungkulin sa

trabaho mula sa bahay, hindi ka magkakaroon ng karapatan na mag-claim sa ilalim ng scheme na ito. Kung sila ay may kakayahan na magtrabaho mula sa bahay sa batayan ng bawas na oras lamang, ikaw ay may karapatan na mag-claim ng ilang bahagi, sa paghuhusga ng Scheme Administrator.

Paano ko malalaman kung ako ay karapat-dapat?

Ang mga sumusunod na employers ay walang karapatan na gumawa ng claim patungkol sa kanilang mga empleyado sa ilalim ng Scheme na ito:

i. mga statutory na korporasyon at iba pang mga lupon na kung saan sila ay nakakatanggap ng regular at malaking subvention o pera sa gobyerno mula sa FIG (na kung saan ang subvention ay kasama sa proseso ng budget at ang tumatanggap nito ay nakapangalan sa aprubadong estima ng FIG)
ii. Ang Museum and National Trust (bilang itinatag alinsunod sa Museum and Trust Ordinance ng 1991;
iii. Mga gobyerno o pampublikong awtoridad ng mga bansa o teritoryo bukod sa Falkland Islands.
iv. Mga employer na kung saan ang aktibidad ay buo o may malakihang ginagawa sa labas ng Falkland Islands;
v. Mga employer na nakikipag-ugnayan sa Ministry of Defence (MoD) at ang kanilang mga sub-contractors (kasama, ng walang limitasyon, ang mga pinangalanan sa Taxes and Duties (Defence Contractor's Employees Exemption Order 2019), sa batay sa lawak na nakatuon at kaugnay na gawain ng MoD at sa mga saklaw ng employers, sub-contractors o kanilang mga empleyado ay tumatanggap ng suporta sa nauugnay sa Virus mula sa MoD o sa ibang sangay ng gobyerno o opisina ng UK sa mga tuntunin na may halintulad (sa paghuhusga ng Scheme Administrator) sa mga suporta na nasasailalim sa Scheme, kung makikita na ang mga employer o ang kanilang sub-contractors ay magkaroon ng karapatan na mag-apply sa ilalim ng Scheme, patungkol sa mga Empleydo na hindi karapat-dapat sa kahit anong suporta mula sa MoD o sa iba pang sangay o opisina ng Gobyerno ng UK.

Para maging eligible o karapat-dapat, ang sinumang manggagawa ay dapat na naging empleyado mo ng hindi bababa sa tatlumpung araw bago ang pagsisimula ng kahit anong kaugnay na panahon ng self-isolation. Sila ay kailangan ding nagtatrabaho para sa iyo ng hindi bababa sa pitong (7) oras bawat linggo. Ang mga empleyado na nasa kontratang zero-hours o kaswal na kontrata (sa paghuhusga ng Scheme Administrator) ay ituturing na self-employed. Ang bawat Empleyado ay dapat na may karapatan na tumira at magtrabaho sa Falkland Islands, at dapat na residente ng Falkland Islands sa loob ng panahon ng self-isolation.

Kung ikaw ay may empleyado/mga empleyado na nakakatugon sa isa sa mga sumusunod na pamantayan o criteria AT sila ay hindi makapagsagawa ng kanilang trabaho mula sa tahanan, ikaw ay maaring eligible o karapat-dapat para sa suporta:

- Mga emplayado na ini-require ng KEMH na mag self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw o higit pa dahil sa ikaw ay may sintomas na nauugnay sa Virus.
- Mga emplayado na ini-require ng KEMH na mag-self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw, dahil sa ang isa sa mga miyembro ng iyong tahanan ay nagpapakita ng sintomas na nauugnay sa Virus at ini-require na mag self-isolate.
- Mga emplayado na ini-require ng FIG na manatili sa bahay, na dahil sa Virus ay kasama sa listahan ng non-essential worker o hindi mahalagang manggagawa ng hanggang labingapat (14) na araw.
- Mga empleyado na vulnerable o higit na nanganganib (i.e. may edad na 70 o higit pa, o may naitukoy na pre-existing medical condition) at ini-require ng KEMH na mag-self-isolate sa loob ng tatlong (3) buwan o higit pa.
- Mga empleyado na Sole Carer (i.e, isang tao na mag-isa o may prinsipal na responsibilidad sa pag aalaga ng bata na wala pang labing anim (16) na taong gulang at hindi nakakatanggap ng regular na malakihang suporta mula sa pagtanggal ng responsibiliad na ito sa kanilang asawa, ibang miyembro ng pamilya, o ibang mga tao, o sa mga naghahalinhinan ng responsibilidad sa pag-aalaga ng bata na may isa o higit pang mga indibidwal, na kung saan ang bawat isa sa kanila ay walang kakayahan o hindi makapagbigay ng suporta sa panahon ng self-isolation ng bata) ng isa o higit pang mga bata na ini-require ng KEMH na mag self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw o higit pa.

Tignan ang nakalakip na flowchart kaugnay dito para sa karagdagang impormasyon.

Anong suporta ang nararapat sa akin?

Ikaw ay mabigyan ng karapatang mabayaran ng FIG para sa Employment Costs ng bawat isang karapat-dapat na empleyado. Ang Employment Costs ay ang pinagsama-samang gastos ng pasweldo, pasahod, at iba pang benepisyong manggagawa na ibinayad sa manggagawa sa ilalim ng kanilang kontrata o iba pang mga termino ng pagtatarabaho sa pagsisimula ng Scheme na ito. Ang suporta ay nagiiba-iba depende sa kung anong karapat-dapat na pamantayan nabibilang ang iyong manggagawa. Ang suporta ay maaring nakatakda sa pinakamataas na halagang £1,250 para sa labingapat (14) na araw ng panahon ng isolation, o sa pinakamataas na halagang £2,250 sa bawat buwan ng isolation.

Paano ako mag-aapply sa Support Scheme para sa Employment/Self-Employment?

Kinakailangang magpasa ang mga employer ng isang kumpletong “Application Form para sa mga Employers.” Kasama dito, kailangan mo ring magpasa ng “Employee’s

Declaration", na nakumpleto at napirmahan ng bawat isang manggagawa, kasama ang kopya ng kanilang kontrata sa pagtatrabaho o terms of employment.

Ang bayad ay gagawin at idadaan sa sistema ng Treasury Accounts Payable, samakatuwid, kung ikaw ay hindi kasalukuyang tumatanggap ng bayad mula sa FIG, kailangan mo rin kumpletuhin ang "New Creditor Form".

Gaano katagal ang proseso ng aking application?

Uunahin ng Scheme Administrator ang claims ng mga self-employed at maliliit na negosyo. Sa lahat ng kaso, susubukan ng system administrator maisagawa ang mga kumpletong application sa loob ng pito (7) hanggang sampung (10) araw.

Magsisikap ang Scheme Administrator na mag-desisyon sa isang application at ipapaalam ang kanyang desisyon sa lalong madaling panahon na ito ay maisagawa (at sa kahit anong pangyayari sa loob ng dalawampu't isang (21) araw) pagkatapos na matanggap ang aplikasyon.

Saan ako makakakuha ng application forms?

Ang mga application forms ay kasama sa Annexes na nakapaloob sa "COVID – 19: EMPLOYMENT/SELF-EMPLOYMENT SUPPORT SCHEME Guidance Notes and Application Form for Employers".

Makukuha ang mga dokumentong ito sa:

FIG Website: https://www.fig.gov.fk/covid-19

Sa FIDC Website: http://www.fidc.co.fk/library/covid-19

Makukuha rin ang kopya ng mga forms sa Post Office.

Kung mangailangan ka ng tulong sa pag-pupuno ng forms, makipagugnayan kay Sian Davies, Business Development Officer, FIDC sa numerong 51211.

Ano ang proseso ng application?

Ang kumpletong application forms at mga kailangang karagdagang dokumentasyon ay dapat na ipasa sa Scheme Administrator sa pamamagitan ng email sa treasury.support@sec.gov.fk o ipadala sa post sa:

The Treasury
Secretariat
Thatcher Drive
Stanley

Maaaring tumawag sa 28400 para alamin ang estado ng claim.

Ang mga application ay maaaring ipasa sa kahit anong oras hanggang na makapagbigay ng abiso na wala nang karagdagang pondo na magagamit sa ilalim ng Scheme.

Ang mga application ay pag-aaralan ng Scheme Administrator na maaaring humiling at tumanggap ng karagdagang impormasyon o paglilinaw mula sa aplikante kung kinakailangan.

Ang mga Essential Workers ay nagtatrabaho na kabilang sa Kritkal/ Pangunahing mga serbisyo kasama ang:

Health and social care – kasama ang:

- Mga doktor, nurses, midwives, paramedics, social workers, care workers at kahit anong kawani ng frontline health at social care na kailangang manatili sa trabaho
- Support at specialist staff na kailangang manatili sa sektor

Pangunhahing pampublikong serbisyo – kasama ang:

- Silang mga mahahalaga sa pagpapatakbo ng sistemang panghustisya o justice system
- Silang mga responsible sa namamahala sa mga namatay
- Media at mga tagapagbalita na nagbibigay ng pagsasahimpapawid na serbisyo publiko (public service broadcasting) at ang Government Communications team.

Gobyerno – mga trabahong administratibo na mahalaga sa pagbibigay ng:

- Mga tugon sa coronavirus
- Mga pangunahing serbisyo sa regulasyon
- Mahalagang serbisyo publiko, kasama ang pagbabayad ng mga benepisyo, at mahalagang panustos o treasury functions.

Pagkain at iba pang kinakailangang kalakal – kasama ang:

- Mga taong may kaugnayan sa paggawa ng pagkain, food processing, pamamahagi ng pagkain, pagbebenta, at paghahatid nito.

Kaligtasang pampubliko at seguridad ng bansa – kasama ang:

- Polisya at ang mga kinakailangang kawani nito
- Mga empleyado ng tagapagligtas-sunog

- Mga tagapangalaga ng hangganan o border security
- Mga kawani ng bilangguan at probation

Transportasyon – kasama ang:

- Mga kawani ng FIGAS at pasahero ng ferry, at transportasyon para sa freight at mga pasahero na tumutulong sa pag-responde
- Shipping Links kasama ang SAAS
- Mga port operators

Ibang mahalagang serbisyo, komunikasyon at serbisyong pananalapi – kasama ang:
Mga kawani na kailangan para sa:

- Mga mahalagang probisyon sa serbisyong pananalapi
- Mga sektor ng kuryente at tubig, kasama ang sewage
- Supply ng fuel
- Sektor ng information technology at data infrastructure

Mahahalagang kawani na nagtatrabaho sa mga sumusunod na sektor:

- Telecommunications
- Emergency Repair Workers
- Tagapagbigay ng tirahan o accommodation
- Serbisyo koreyo o postal services
- Mga manggagawa sa agrikultura

Note: Kung hindi malinaw kung saan kasama ang iyong trabaho o gawain, maaaring tumawag sa Secretariat sa numerong 28450.